

COVID-19 VACCINE
Public Health Advice

# Comirnaty (Pfizer/BioNTech) na bakuna para sa mga bata at kabataang edad 12 hanggang 15

## Mahalagang impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Bersiyon 12
14 Setyembre 2023

Rialtas na hÉireann
Government of Ireland

## Tungkol sa pulyetong ito

Ang pulyetong ito ay tungkol sa bakuna sa COVID-19 (coronavirus) para sa mga bata na edad 12 hanggang 15.

Sinasabi nito sa iyo ang tungkol sa:

- COVID-19 sa mga bata na edad 12 hanggang 15
- ano ang bakuna sa COVID-19
- ang mga benepisyo ng pagbabakuna para sa mga bata na edad 12 hanggang 15
- ang mga panganib ng pagbabakuna para sa mga bata na edad 12 hanggang 15
- kaligtasan at mga side effect ng bakuna
- ano ang aasahan pagkatapos ng kanilang bakuna sa COVID-19
- pagbibigay ng pahintulot para sa kanilang bakuna sa COVID-19
- saan ka makakakuha ng iba pang impormasyon

Pakibasa nang mabuti ang pulyeto na ito. Layunin namin para sa pulyeto ng impormasyon na ito na hayaan kang gumawa ng may-kabatirang desisyon tungkol sa pagkuha sa bakuna para sa iyong anak. Maaari ka ring makipag-usap sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng iyong GP (Doktor) o Parmasyutiko, tungkol sa bakuna.

### Puwede mo ring:

- basahin ang Pulyeto ng Impormasyon ng Pasyente mula sa tagagawa na makikita sa **www.hse.ie/covid19vaccinePIL**
- pag-usapan ninyo ng iyong anak ang pagbabakuna o basahin ang pulyeto kasama siya
- magbasa ng iba pang impormasyon na makikita sa **www.hse.ie**

## Tungkol sa COVID-19

Ang COVID-19 ay isang sakit na nakakaapekto sa mga baga at daanan ng hangin, at minsan sa mga iba pang bahagi ng katawan. Dulot ito ng virus na tinatawag na coronavirus.

Ito ay lubhang nakakahawa. Maaari itong kumalat sa hangin sa pamamagitan ng mga patak na nabubuo kapag ang mga tao ay umuubo o bumabahin, o kapag humawak sila sa mga lugar kung saan dumapo ang mga patak at pagkatapos ay hahawakan ang kanilang mga mata, ilong o bibig.

**Ang pinaka-karaniwang mga sintomas ng COVID-19 ay:**

- lagnat (mataas na temperatura na 38 degrees Celsius o mas mataas) - kasama ang panginginig
- ubo na walang plema
- pagkapagod

Maaaring tumagal nang hanggang 14 na araw kasunod ng pagkakalantad sa COVID-19 para magkaroon ng mga sintomas. Ang mga sintomas ay katulad ng sa sipon o trangkaso. Maaaring hindi maranasan ng iyong anak ang lahat ng sintomas na ito o maaaring mas masama ang kanyang kabuuang pakiramdam kaysa sa karaniwan.

Kung may anumang mga sintomas ng COVID-19 ang iyong anak, dapat siyang mag-self-isolate (manatili sa kanyang silid) at dapat mong bisitahin ang **www.hse.ie/covid19** para sa payo.

## COVID-19 at mga batang edad 12 hanggang 15

Ang karamihan ng mga bata at kabataan na edad 12 hanggang 15 na nagkakaroon ng COVID-19 ay may napakabanayad na mga sintomas o wala talagang mga sintomas. Ang pagkakaroon ng COVID-19 sa edad na ito ay maaaring nakagagambala dahil kailangang lumiban ang mga bata sa paaralan.

Ang COVID-19 ay maaaring magdulot ng malubhang sakit, pagkakaospital, o pagkamatay sa mga bata, ngunit ito ay napakabihira.

Kung minsan ang mga sintomas na nauugnay sa COVID-19 ay maaaring magpatuloy nang ilang linggo o buwan ('matagal na COVID'). Mas mababa ang panganib ng kondisyon na ito sa mga bata at kabataan kumpara sa mga nasa hustong gulang.

Mababa ang panganib na maospital ang isang bata dahil sa COVID-19, at ang panganib na mangailangan ang sinumang bata ng masinsinang pangangalagang paggamot ay lubhang napakababa.

Ang mga bata at kabataan na may ilang mga kondisyon sa kalusugan ay mas mataas ang panganib sa malubhang sakit. Ipinapakita ng datos mula sa Estados Unidos na mga 7 sa 10 bata na naoospital na may COVID-19 ay may ilang iba pang kasalukuyang kondisyon.

Bihira man, ang COVID-19 ay maaaring magdulot ng kondisyon na tinatawag na Multisystem Inflammatory Syndrome sa mga bata (MIS-C). 75% ng mga bata na nagkakaroon ng MIS-C ay walang kasalukuyang kondisyon ng kalusugan.

Ang kondisyon ay nagdudulot ng pulmonya, pamamaga ng puso at hirap sa paghinga. Karamihan ng mga bata na may MIS-C ay gumagaling pagkatapos mamalagi sa ospital o intensive care ngunit ang ilang mga bata ay nagkakaroon ng nagtatagal na mga side effect at may napakaliit na bilang ang maaaring mamatay. Ang MIS-C ay mas bihirang nakikita kasunod ng impeksyon ng omicron.

## Ano ang bakuna sa COVID-19?

Ang bakuna ay isang substansya na dapat magpahusay sa imyunidad (proteksyon) sa isang partikular na sakit. Tinuturuan ng mga bakuna ang immune system kung paano protektahan ang mga tao mula sa mga sakit.

Ayon sa kasalukuyang ebidensya ang bakuna sa COVID-19 ay dapat magbigay sa iyong anak ng proteksyon mula sa malubhang karamdaman sa COVID-19. Kung mabakunahan ang mga bata, dapat ding makatulong ito na mapababa ang mga bilang ng mga nagkakasakit nang malubha o namamatay mula sa COVID-19 sa ating komunidad.

## Anong bakuna ang iniaalok sa aking anak?

Ang bakuna na iniaalok sa iyong anak ay tinatawag na Comirnaty (Pfizer/ BioNTech).

Ito ay isang mRNA na bakuna na nagtuturo sa katawan ng iyong anak kung paano gumawa ng protina na nagpapasimula ng tugon ng immune system, nang hindi gumagamit ng buhay na virus na nagdudulot ng COVID-19.

Pagkatapos, gagawa ang katawan ng iyong anak ng mga antibody na tutulong para labanan ang impeksyon kung pumasok ang COVID-19 virus sa kanyang katawan sa hinaharap.

Bago ang pagbabakuna, hihingin ang iyong pahintulot upang makuha ng iyong anak ang bakuna at itatala ang pahintulot na ito.

Ang mga bakuna na Comirnaty na iniaalok sa iyong anak ay mga adapted vaccine. Ang mga adapted vaccine ay naglalaman ng mRNA na pamprotekta laban sa mga variant strain ng COVID-19. Inaasahang magbibigay ang mga ito ng mas mawalak na proteksyon laban sa mga COVID-19 variant kaysa sa orihinal na bakuna.

Inirerekomenda ang mga adapted vaccine para sa mga batang edad 12-15 taon ng National Immunisation Advisory Committee at inaprubahan ng European Medicines Agency.

## Bakit iniaalok ang bakuna sa lahat ng bata na edad 12 hanggang 15?

Ang aming hangarin sa pag-aalok ng bakuna sa populasyon ay ang protektahan ang mga tao at bawasan ang karamdaman at mga pagkamatay na dulot ng virus na ito.

Ang pagkuha ng bakuna sa COVID-19 ay dapat makaprotekta sa iyong anak at sa mga nasa kanyang paligid mula sa malubhang pagkakasakit ng COVID-19. Bagama't bihira ang malubhang karadaman mula sa COVID-19 sa grupo ng edad na ito, mas mababa pa ang posibilidad ng mga ito na magkasakit ng malubhang COVID-19 kung sila ay mabakunahan.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay mariing inirerekomenda ng National Immunisation Advisory Committee (NIAC) para sa mga bata na may mahinang immune system.

Para sa lahat ng bata sa grupo ng edad na ito, inirerekomenda ng NIAC na ang mga benepisyo ng pagbabakuna ay mas matimbang kaysa sa mga panganib mula sa bakuna.

Kabilang sa mga benepisyo ang pagtulong na maiwasan ang pagkakaroon ng COVID-19, at karagdagang proteksyon mula sa mga bihirang panganib ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19. Ang mga bata na nabakunahan ay mas mababa ang posibilidad na lumiban sa paaralan at mga iba pang aktibidad dahil sa COVID-19.

## Bakit iniaalok ang unang booster sa lahat ng bata na edad 12-15?

Ang proteksyon na taglay ng iyong anak mula sa nakaraang mga bakuna ay maaaring humina sa paglipas ng panahon.

Ang ganitong nabawasang proteksyon, kasama ang madaling maikalat na Omicron variant ay nangahulugan na mas maraming bata sa grupo ng edad na 12 hanggang 15 ang nangailangan ng pangangalaga sa ospital sa pinakahuling paglaganap ng pandemiya kaysa sa mga nakaraang paglaganap.

Umaasa kami na ang unang booster na dosis ay magbibigay ng mas mabuting proteksyon laban sa COVID-19 at bawasan ang karamdaman at pangangailangan ng pangangalaga sa ospital sa mga bata sa edad na ito.

Ang mga bata na may mahinang immune system ay nirerekomendahan ng unang booster.

Gayunpaman lahat ng bata na edad 12-15 ay maaaring kumuha ng booster na dosis dahil:

- ang mga benepisyo ng bakuna ay mas matimbang kaysa sa mga panganib
- binabawasan nito ang mga panganib at komplikasyon ng COVID-19 (kabilang ang malubhang karamdaman, matagal na COVID at MIS-C)
- mas mababa ang posibilidad na lumiban sila sa paaralan o iba pang aktibidad na mahalaga para sa kanilang kabuuang kapakanan
- maaari itong magbigay ng mas mabuting proteksyon laban sa mga variant sa hinaharap

## Bakit inaalok ng karagdagang dosis ang ilang bata na may mahinang immune system?

Kung ang iyong anak ay 12 at mas matanda at may mahinang immune system noong nakuha niya ang kanyang unang serye ng mga bakuna sa COVID-19, maaaring kailangan niya ng karagdagang dosis.

Umaasa kami na ang karagdagang dosis ng bakuna ay:

- mapapabuti ang tugon ng kanyang immune system sa bakuna
- magbibigay sa kanya ng mas mabuting proteksyon laban sa COVID-19
- pigilan siyang magkasakit nang malubha dahil sa COVID-19

## Bakit iniaalok ang mga booster na dosis sa taglagas sa ilang bata na edad 12-15 na may mahinang immune system?

Inirerekomenda ang booster na dosis sa taglagas para sa mga bata na edad 12-15 na may mahinang immune system.

Ito ay dahil ang proteksyon mula sa bakuna na nauna nilang natanggap ay maaaring humina sa paglipas ng panahon, ibig sabihin:

- maaaring mas mataas ang panganib nila sa malubhang sakit
- ang kanilang immune system ay hindi tumutugon nang mabuti sa pagbabakuna

Ang pagpapanatiling up to date ang kanyang mga booster na dosis ay nagbibigay sa iyong anak ng karagdagang proteksyon mula sa COVID-19 at nakakatulong na mapigilan ang malubhang karamdaman mula sa COVID-19.

## Bakit inaalok ang ilang bata na may mga medikal na kondisyon ng booster na dosis sa taglagas?

Inirerekomenda ang booster na dosis sa taglagas para sa mga bata na edad 12-15 na may kondisyon sa kalusugan na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib ng malubhang karamdaman kung magkaroon sila ng COVID-19.

Ito ay dahil:

- ang proteksyon na nakukuha ng iyong anak mula sa kanyang mga naunang bakuna o proteksyon na nakuha ng iyong anak mula sa impeksyon ng COVID-19 ay maaaring humina sa paglipas ng panahon
- ang iyong anak ay maaaring nasa mas mataas na panganib ng malubhang sakit kung magkaroon siya ng COVID-19

Pinatataas ng mga booster ang proteksyon ng iyong anak mula sa COVID-19. Kung wala ito, mas nanganganib siya sa malubhang karamdaman kung magkaroon nga siya ng COVID-19.

## Mabisa ba ang bakuna para sa mga bata na edad 12 hanggang 15?

Ipinakita ng klinikal na pagsubok para sa Comirnaty (Pfizer/BioNTech) na lubhang mabisa ito sa pagpigil sa COVID-19 sa mga bata sa edad na ito.

## Ligtas ba ang bakuna para sa mga bata na edad 12 hanggang 15?

Ang bakuna sa COVID-19 na ito ay inirerekomenda ng NIAC para sa mga bata na edad 12 at mas matanda sa Ireland.

Sinuri ang bakuna na ito sa libu-libong tao kabilang ang mahigit 2,000 mga bata at kabataan na edad na 12 hanggang 15 bilang bahagi ng mga klinikal na pagsubok. Walang natukoy na karagdagang problema sa kaligtasan sa klinikal na pagsubok para sa mga bata at kabataan na edad 12 hanggang 15.

Inaasahan na ang kaligtasan ng mga adapted vaccine ay magiging katulad ng mga naunang bakuna. Patuloy na susubaybayan ng European Medicines Agency (EMA) ang kaligtasan ng mga bakuna

Nakatugon din ang bakuna na ito sa mahihigpit na pamantayan sa kaligtasan, kalidad at pagka-epektibo, at inaprubahan at nilisensiyahan ng mga tagapagpatupad ng regulasyon. Para sa Ireland, ang tagapagpatupad ng regulasyon ay ang European Medicines Agency (EMA) – bisitahin ang **www.ema.europa.eu** para sa higit pang impormasyon.

Upang maaprubahan para sa paggamit, dumaan ang bakuna sa lahat ng klinikal na pagsubok at pagsusuri sa kaligtasan na pinagdaraanan ng lahat ng lisensiyadong gamot, sumusunod sa mga internasyonal na pamantayan ng kaligtasan. Ang pagsubaybay sa kaligtasan ng lahat ng bakuna sa COVID-19 ay palagiang nirerepaso ng mga kaukulang awtoridad.

Bagama't ang gawain sa pagbuo ng mga bakuna sa COVID-19 ay naging mas mabilis kaysa sa karaniwan, ang bakuna na iniaalok namin sa iyong anak ay dumaan sa lahat ng karaniwang hakbang na kinakailangan upang gawin at aprubahan ang isang ligtas at mabisang bakuna.

Natututo pa kami tungkol sa pagka-epektibo at mga side effect ng mga bakuna sa COVID-19 sa grupo ng edad na ito.

Lahat ng gamot ay may mga side effect at dapat mong basahin ang tungkol sa mga nalalaman na karaniwan at bihirang mga side effect ng bakuna na ito sa pulyetong ito bago mo ibigay ang pahintulot para mabakunahan ang iyong anak.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay naibigay na sa milyon-milyong bata sa maraming bansa.

## Ano ang nalalaman namin tungkol sa kaligtasan at mga side effect ng mga booster o mga karagdagang dosis sa mga bata na edad 12 - 15?

May ilang bansa ang nagbibigay ng mga booster at mga karagdagang dosis sa grupo ng edad na ito.

May mas kaunting impormasyong makukuha tungkol sa kaligtasan ng booster at mga karagdagang dosis.

Ang myocarditis at pericarditis ay mga kondisyong pamamaga ng puso at napakabihirang mga panganib ng mga mRNA na bakuna. Mas karaniwan ang mga bihirang side effect na ito sa mga lalaki na wala pang 30 taong gulang pagkatapos ng kanilang pangalawang primaryang dosis ng bakuna. Ang panganib ng mga side effect na ito ay tila mas mababa pagkatapos ng unang booster. Maaaring mas mababa ang panganib ng myocarditis sa mga nasa edad na 12-15 taon kumpara sa mas matatandang kabataan.

Inaasahan na ang kaligtasan ng mga adapted vaccine ay magiging katulad ng mga naunang bakuna. Patuloy na susubaybayan ng EMA ang kaligtasan ng mga bakuna.

## Ang aking anak ay nagkaroon na ng COVID-19, puwede pa ba siyang magpabakuna?

Kung ang iyong anak ay nagkaroon na ng COVID-19 malamang na mayroon na siyang ilang imyunidad. Kahit na ang iyong anak ay nagkaroon na ng COVID-19, puwede pa rin siyang magkaroon ulit nito.

Babawasan ng bakuna ang panganib ng muling pagkakaroon ng COVID-19.

## Puwede bang kunin ng aking anak ang bakuna sa COVID-19 kahit mataas ang temperatura niya?

Hinid. Kung mayroon siyang lagnat (temperatura na 38 degrees Celsius o mas mataas), dapat mong ipagpaliban ang pagkuha ng bakuna hanggang bumuti ang pakiramdam niya.

## Puwede bang magka-COVID-19 ang aking anak mula sa bakuna?

Hindi. Ang bakuna sa COVID-19 ay hindi makapagbibigay sa iyong anak ng COVID-19. Posibleng makuha ang COVID-19 bago makuha ang bakuna nang hindi nalalaman na mayroon silang mga sintomas hanggang pagkatapos ng appointment para sa pagpapabakuna.

Kung ang iyong anak ay may mga sintomas ng COVID-19 - o kung mayroon siyang lagnat na nagsisimula nang mahigit sa 2 araw pagkatapos ng kanilang bakuna, o nagtatagal nang lampas sa 2 araw - dapat siyang mag-self-isolate (manatili sa kanyang silid) at dapat mong bisitan ang **www.hse.ie/covid19** para sa payo.

## Puwede bang kunin ng aking anak ang bakuna na ito kasabay ng mga iba pang bakuna?

Bilang pag-iingat, kung natanggap kamakailan ng iyong anak ang bakuna sa MPOX (dating kilala bilang monkeypox) (Imvanex o Jynneos) kailangan niyang maghintay ng 4 na linggo bago niya kunin ang kanyang bakuna sa COVID-19 dahil sa mga hindi nalalamang panganib ng myocarditis.

Gayunpaman, puwedeng kunin ng iyong anak ang bakuna sa COVID-19 nang kasabay ng mga iba pang bakuna na kailangan niya, kabilang ang kanyang spray sa ilong na bakuna sa trangkaso at anumang mga pagbabakuna na ibinibigay sa paaralan.

## Sino ang tagapagbakuna ng aking anak?

Ito ang tao na magbibigay sa kanya ng bakuna. Sila ay sinanay ng HSE para ibigay ang mga bakuna sa COVID-19.

## Paano ibinibigay ang bakuna sa COVID-19?

Ibinibigay ang bakuna sa COVID-19 bilang iniksyon sa itaas na bahagi ng braso. Magtatagal lang ito ng ilang minuto.

## Ilang dosis ng bakuna sa COVID-19 ang kailangan ng aking anak?

Para sa kanyang unang serye ng mga bakuna sa COVID-19, lahat ng bata ay nangangailangan ng 2 dosis ng bakuna na ito, 8 linggo ang pagitan, para sa proteksyon mula sa malubhang karamdaman.

Maaaring kunin ng mga bata na edad 12 hanggang 15 ang kanilang unang booster na dosis nang hindi bababa sa 4 na buwan pagkatapos ng kanilang unang serye ng bakuna sa COVID-19 o impeksyon.

Kung ang iyong anak ay may medikal na kondisyon na naglalagay sa kanya sa mas mataas na panganib ng pagkakasakit nang malubha dahil sa COVID-19, nirerekomendahan siya ng booster na dosis sa taglagas na dapat ibigay 9 na buwan pagkatapos ng kanyang huling bakuna sa COVID-19 o impeksyon.

Gayunpaman, kung ang iyong anak ay may mahinang immune system dapat niyang kunin ang kanyang pangalawang dosis sa 4 na linggo pagkatapos ng kanyang unang dosis. Maaaring kailangan niya ng karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19 8 linggo pagkatapos ng kanyang pangalawang dosis. Pagkatapos, ito ay susundan ng unang booster 4 na buwan pagkatapos ng kanyang karagdagang dosis o impeksyon ng COVID-19.

Ang mga bata na may mahinang immune system na nagkaroon ng karagdagang dosis at isang booster na dosis, ay nirerekomendahan ng booster na dosis sa taglagas. Dapat ibigay ang mga booster na dosis sa taglagas 6 na buwan kasunod ng naunang booster na dosis o impeksyon ng COVID-19.

## Ang aking anak ay may COVID-19 ngayon, puwede ba niyang kunin ang bakuna?

Kung ang iyong anak ay may COVID-19 at nakatakda siyang kunin ang kanyang unang dosis ng bakuna, puwede siyang mabakunahan mula sa 4 na linggo pagkatapos niyang unang nagkaroon ng mga sintomas o nagkaroon ng positibong pagsusuri sa COVID-19.

Kung ang iyong anak ay may COVID-19 at nakatakda siyang kunin ang kanyang pangalawang dosis ng bakuna, puwede siyang mabakunahan mula 8 linggo pagkatapos niyang unang nagkaroon ng mga sintomas o nagkaroon ng positibong pagsusuri sa COVID-19.

Kung ang iyong anak na may mahinang immune system ay nagkaroon ng COVID-19 pagkatapos ng kanyang pangalawang dosis at nakatakdang kunin ang kanyang karagdagang dosis:

- kung ang kanyang impeksyon ng COVID-19 ay mahigit 7 araw pagkatapos ng dosis ng pangalawang bakuna, hindi kailangan ang karagdagang dosis. Dapat pa rin niyang kunin ang kanyang unang booster na dosis 4 na buwan pagkatapos ng impeksyon
- kung ang iyong anak ay magkaroon ng impeksyon ng COVID-19 sa loob ng 7 araw ng kanyang pangalawang dosis dapat niyang kunin ang kanyang karagdagang dosis 4-8 linggo pagkatapos ng impeksyon

Kung ang iyong anak ay nakatakdang kumuha ng booster, pakibasa ang naunang tanong para sa impormasyon kung kailan puwedeng kumuha ang iyong anak ng booster pagkatapos ng impeksyon ng COVID-19.

## Ang karagdagang dosis o booster na dosis ng bakuna ba ay lisensiyado ng EMA o NIAC?

**Mga karagdagang dosis para sa ilang bata na may mahinang immune system:**

- inaprubahan ng EMA ang karagdagang dosis ng parehong mRNA na bakuna, nang hindi bababa sa 28 araw pagkatapos ng kanyang pangalawang dosis.
- inirerekomenda ng NIAC, sa Ireland, na kunin niya ang bakuna ng Pfizer bilang karagdagang dosis 8 linggo pagkatapos ng kanyang pangalawang dosis.

**Mga unang booster para sa lahat ng bata sa grupo ng edad na ito:**

- inaprubahan ng EMA ang unang booster na dosis ng bakuna ng Pfizer para sa mga bata sa grupo ng edad na ito na kumuha noon ng Pfizer, nang hindi bababa sa 3 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis.

- Inirerekomenda ng NIAC, sa Ireland, na kunin ng mga bata sa grupo ng edad na ito ang bakuna na Pfizer, bilang booster na dosis alinman ang nakuha nilang mRNA na bakuna, 4 na buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis ng COVID-19.

**Mga kasunod na booster para sa ilang bata sa grupo ng edad na ito:**

- Inirekomenda ng NIAC ang booster sa taglagas para sa mga bata na edad 12-15 na may kondisyon sa kalusugan na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib ng malubhang karamdaman kung magkaroon sila ng COVID-19. Inirekomenda ng NIAC ang booster sa taglagas para sa ilang mga bata na may mahinang immune system.

**Susundin ba namin ang payo ng EMA o NIAC sa Ireland?**

- Ang mga rekomendasyon ng NIAC ay maaaring naiiba sa mga rekomendasyon ng EMA dahil sa mga lokal na datos at konsiderasyon.

**Sa Ireland sinusunod natin ang payo ng NIAC.**

## Ano ang mga side effect ng bakuna?

Gaya ng lahat ng gamot, ang mga bakuna ay maaaring magdulot ng mga side effect. Karamihan sa mga ito ay banayad hanggang katamtaman, panandalian, at hindi lahat ay nagkakaroon ng mga ito.

Mahigit sa 1 sa 10 tao ang magkakaroon ng ganitong mga **napakakaraniwan** na side effect:

- pakiramdam na pagod
- pananakit o pamamaga sa iyong braso kung saan ka tinurukan ng bakuna
- sakit ng ulo
- pananakit ng kalamnan pain
- pananakit ng kasu-kasuan
- pagtatae
- lagnat (temperatura na 38 degrees Celsius o mas mataas) o panginginig

Hanggang sa 1 sa 10 tao ang magkakaroon ng ganitong mga **karaniwan** na side effect:

- pagduruwal
- pagsusuka
- pamumula kung saan itinurok ang bakuna
- pamamaga ng mga lymph gland (mas madalas na nakikita pagkatapos ng booster na dosis)

Hanggang sa 1 sa 100 tao ang magkakaroon ng ganitong mga **hindi karaniwan** na side effect:

- pagkahilo
- pangangati kung saan itinurok ang bakuna
- pangangati sa buong katawan
- pantal
- hindi makatulog
- sobrang pagpapawis
- pagpapawis sa gabi
- nabawasang ganang kumain
- kakulangan ng lakas, pananamlay o masamang pakiramdam
- pananakit sa braso kung saan ka tinurukan ng bakuna

Hanggang sa 1 sa 1,000 tao ang magkakaroon ng ganitong mga **bihira** na side effect:

- pansamantalang paglaylay ng isang panig ng mukha

Hanggang sa 1 sa 10,000 tao ang magkakaroon ng ganitong mga **napakabihira** na side effect:

- myocarditis at pericarditis –ibig sabihin pamamaga ng kalamnan ng puso o ng lining ng kalamnan ng puso (Tingnan ang mga sintomas sa ibaba.)

Ang myocarditis and pericarditis ay mga kondisyong pamamaga ng puso. Ang panganib ng ganitong mga napakabihirang kondisyon ay mas mataas sa mas nakababatang kalalakihan.

Ang mga kondisyong ito ay mas malamang na mangyari pagkatapos ng pangalawang dosis at pinakamadalas na nangyayari sa loob ng 14 na araw pagkatapos makuha ang bakuna.

Dalawang pag-aaral sa Europa ang tumantiya sa panganib ng myocarditis, pagkatapos ng pangalawang dosis ng bakuna ayon sa sumusunod:

- 1 karagdagang kaso kada 38,000 kalalakihan na edad 12 hanggang 29 (sa loob ng 7 araw)
- 1 karagdagang kaso kada 17,500 kalalakihan na edad 16 hanggang 24 (sa loob ng 28 araw)

Ipinapakita ng mga unang datos mula sa mga ibang bansa na mas mababa ang posibilidad ng myocarditis sa mga edad 12 hanggang 15 kaysa sa mga edad 16 hanggang 24. Ipinapakita ng mga unang datos sa mga tao na edad 16 at mas matanda na ang myocarditis ay mas madalang na iniulat pagkatapos ng booster na dosis kaysa sa pangalawang dosis. Iminumungkahi ng datos na karamihan ng mga kaso ng myocarditis ay nagtatagal lang nang maikling panahon at gumagaling sa pansuportang pangangalaga; may mga pag-aaral na ginagawa upang mas maunawaan ang pangmatagalang epekto.

Hindi pa nalalaman kung ilang tao na kumukuha ng bakuna na ito ang makararanas ng mga ganitong side effect ngunit ipinapalagay na ang mga ito ay **lubhang bihira:**

- malubhang allergic na reaksyon. Ang iyong tagapagbakuna ay nagsanay upang gamutin ang mga malubhang allergic na reaksyon.
- Erythema Multiforme, isang reaksyon ng balat na nagdudulot ng mga pulang batik o patse sa balat na parang target o “bulls-eye” na may maitim na pulang gitna na napapalibutan ng mga mas mapusyaw na pulang singsing
- pamamaga ng mukha kung mayroon kang mga filler sa mukha
- malawakang pamamaga ng braso (o binti) kung saan itinurok ang bakuna
- pangingilig o pakiramdam na tinutusok, o pagkawala ng pandama sa ilang bahagi ng katawan
- malakas na pagdurugo sa buwanang relga

Ang bakuna sa COVID-19 ay sumailalim na sa parehong mga klinikal na pagsubok at pagsusuri sa kaligtasan gaya ng lahat ng iba pang lisensiyadong bakuna, gayunpaman ang bakuna ay bago at limitado ang impormasyon sa pangmatagalang side effect.

Habang dumarami ang mga tao sa Ireland at sa buong mundo ang kumukuha ng bakuna na ito, higit pang impormasyon sa mga side effect ang maaaring mapag-alaman. I-a-update ng HSE ang impormasyong ito nang regular sa aming website, at kung kinakailangan, i-a-update ang mga pulyeto ng impormasyon na ibinibigay sa mga tao pagkatapos ng kanilang pagbabakuna.

## Mga sintomas ng myocarditis at pericarditis

Napakabihira, maaaring magkaroon ang mga tao ng myocarditis at pericarditis pagkatapos makuha ang bakuna na Comirnaty (Pfizer/BioNTech). Ang myocarditis and pericarditis ay mga kondisyong pamamaga ng puso.

Dapat mong malaman ang mga senyales na babantayan sa iyong anak.

Humingi ng medikal na tulong kung magkaroon ang iyong anak ng alinman sa mga sintomas na ito pagkatapos ng kanyang bakuna:

- hinahabol ang paghinga
- mga palpitasyon (isang malakas na tibok ng puso na maaaring hindi regular)
- pananakit ng dibdib

## May mga bata ba na hindi dapat kumuha ng bakuna sa COVID-19?

**Oo. Hindi dapat kunin ng iyong anak ang Comirnaty (Pfizer/BioNTech) na bakuna sa COVID-19 kung:**

- ang iyong anak ay nagkaroon ng malubhang allergic na reaksyon sa alinman sa mga sangkap sa bakuna (kabilang ang polyethylene glycol o PEG). Basahin ang Pulyeto ng Impormasyon ng Pasyente mula sa tagagawa upang makita ang listahan ng mga sangkap
- ang iyong anak ay nagkaroon ng malubhang allergic na reaksyon sa naunang dosis ng Pfizer/BioNTech na bakuna o ang Moderna na bakuna sa COVID-19
- ang iyong anak ay nagkaroon ng malubhang allergic na reaksyon pagkatapos ng Trometamol (isa sa mga nilalaman ng contrast dye na ginagamit sa mga pag-aaral ng MRI sa radiology).
- ang iyong anak ay sinabihan ng isang Doktor na hindi niya dapat kunin ang Moderna na bakuna sa COVID-19 o ang Pfizer/BioNTech na bakuna sa COVID-19

Dapat mong kausapin ang doktor ng iyong anak bago kunin ang bakuna sa COVID-19 kung siya ay:

- nagkaroon ng malubhang allergic na reaksyon (anaphylaxis) sa nakaraan, kabilang sa iba pang bakuna o gamot
- nagkaroon ng myocarditis o pericarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso o lining ng puso) pagkatapos ng naunang dosis ng mga bakuna sa COVID-19

Bilang pag-iingat, kung natanggap kamakailan ng iyong anak ang bakuna sa MPOX (Imvanex o Jynneos) kailangan niyang maghintay nang 4 na linggo bago niya kunin ang kanyang bakuna sa COVID-19 dahil sa mga hindi nalalamang panganib ng myocarditis.

Karamihan ng mga bata ay ligtas na makukuha ang bakuna. Sasagutin ng taong nagbibigay sa iyong anak ng bakuna ang anumang mga tanong mo sa iyong appointment para sa bakuna.

Bibigyan ka rin nila ng pulyeto ng payo sa pangangalaga pagkatapos, at isang kard ng rekord ng bakuna na nagpapakita ng pangalan at numero ng batch ng bakuna na ibinigay sa iyong anak.

# Pagkatapos Makuha ang Bakuna

Binibigyan ka namin ng rekord ng pagbabakuna ng iyong anak ngayon. **Pag-ingatan sana ang kard ng rekord.**

## Ano ang maaariing mangyari sa susunod na ilang araw?

Ang ilang mga tao na nakakuha ng bakuna na nakuha ng anak mo ngayon ay maaaring maranasan ang ilan sa mga side effect na nakalista sa pulyeto na ito. Karamihan sa mga ito ay banayad hanggang katamtaman at panandalian lamang.

## Lagnat pagkatapos ng bakuna

Karaniwan ang magkaroon ng lagnat pagkatapos ng pagbabakuna. Kadalasan, nangyayari ito sa loob ng 2 araw pagkakuha sa bakuna, at nawawala ito sa loob ng 2 araw. Mas malamang na magkaroon ng lagnat ang iyong anak pagkatapos ng kanyang pangalawang dosis ng bakuna.

Kung hindi komportable ang pakiramdam ng iyong anak, dapat mo siyang bigyan ng paracetamol o ibuprofen ayon sa ibinilin sa kahon o pulyeto. Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong anak, mangyaring humingi ng medikal na payo.

## Gaano katagal para magkabisa ang bakuna?

Pagkatapos matanggap ang dalawang dosis ng bakuna sa COVID-19, karamihan ng mga tao ay magkakaroon ng imyunidad. Ibig sabihin nito na mapoprotektahan sila laban sa malubhang karamdaman sa COVID-19.

Magtatagal nang 7 araw pagkatapos makuha ang pangalawang dosis para ito magkabisa.

May posibilidad magkaroon pa rin ang iyong anak ng COVID-19, kahit na nakuha na niya ang bakuna.

## Mabisa ba ang bakuna sa lahat ng tao?

Ginamit na ang mga bakuna sa bilyon-bilyong tao sa buong mundo sa nakaraang taon. May malakas at mapagkakatiwalaang ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay nakakabawas nang malaki sa panganib ng pagkakaroon ng COVID-19. Lubhang epektibo ang mga ito sa pagpigil sa mga pagkamatay at malubhang karamdaman sa COVID-19.

Hindi pare-pareho ang paggana ng mga bakuna sa bawat tao, at posibleng magkaroon pa rin ng COVID-19 pagkatapos mabakunahan.

Kung ang iyong anak ay may huminang immune system, walang karagdagang panganib sa pagkuha sa bakuna ngunit maaaring hindi ito magkabisa nang husto para sa iyong anak at maaaring kailanganin niya ng karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19 para sa pinakamabuting posibleng proteksyon.

## Gaano katagal ang imyunidad mula sa bakuna?

Inirerekomenda ang mga booster upang pahabain ang proteksyon ng mga bakuna sa COVID-19. Hindi pa namin alam kung gaano katagal ang imyunidad pagkatapos ng mga booster. Nagpapatuloy ang mga klinikal na pagsubok upang alamin ito.

## Kapag makuha ng aking anak ang bakuna, nangangahulugan ba ito na hindi niya maikakalat ang COVID-19 sa iba?

Hindi pa namin alam kung ang pagkakaroon ng bakuna ay nakakapigil sa mga tao sa pagkakalat ng COVID-19 virus sa iba. Kaya mahalaga na ipagpatuloy nating lahat na sundin ang payo ng kalusugan ng publiko kung paano pigilin ang pagkalat ng virus.

Pagkatapos ng pagbabakuna papayuhan ang iyong anak na patuloy na sundin ang mga alituntunin ng kalusugan ng publiko para sa mga nabakunahang tao.

## Paano ko iuulat ang mga side effect?

Gaya ng lahat ng bakuna, puwede mong iulat ang mga hinihinalang side effect sa Health Products Regulatory Authority (HPRA).

Ang HPRA ang panregulatoryong awtoridad sa Republic of Ireland para sa mga gamot, medikal na aparato at iba pang produktong pangkalusugan. Bilang bahagi ng tungkulin nito sa pagsubaybay sa kaligtasan ng mga gamot, pinangangasiwaan ng HPRA ang isang sistema kung saan puwedeng iulat ng mga propesyonal na nangangalaga ng kalusugan o mga miyembro ng publiko ang anumang mga hinihinalang masamang reaksyon (mga side effect) na nauugnay sa mga gamot at bakuna na nangyayari sa Ireland.

Mariing hinihikayat ng HPRA ang pag-uulat ng mga hinihinalang masamang reaksyon (mga side effect) na nauugnay sa mga bakuna sa COVID-19 upang suportahan ang tuloy-tuloy na pagsubaybay sa kaligtasan at epektibong paggamit sa mga ito. Upang mag-ulat ng hinihinalang masamang reaksyon sa bakuna sa COVID-19, mangyaring bisitahin ang **www.hpra.ie/report**

Puwede mo ring hingin sa iyong Doktor o sa isang miyembro ng pamilya na iulat ito para sa iyo. Dapat ibigay ang lahat ng nalalamang impormasyon, at kung saan maaari, dapat isama ang numero ng batch ng bakuna.

Hindi makapagbibigay ang HPRA ng klinikal na payo sa mga indibidwal na kaso. Dapat makipag-ugnayan ang mga miyembro ng publiko sa propesyonal na nangangalaga sa kanilang kalusugan (ang kanilang Doktor o Parmasyutko) para sa anumang medikal na ipinag-aalala nila.

## Pahintulot para mabakunahan ang iyong anak

Hihingan ng pahintulot ang isang magulang o legal na tagapag-alaga para mabakunahan ang bawat bata.

Hindi pinahihintulutan ang isang bata na pumunta nang mag-isa sa sentro ng pagbabakuna para sa bakuna.

Ang iyong desisyon na magbigay ng pahintulot para sa bakuna o hindi ay igagalang. Maaaring makatulong ang sumusunod na talahanayan ng buod upang malaman mo ang iyong mga pagpipilian.

| Mga benepisyo ng bakuna | Mga panganib ng bakuna |
|---|---|
| • Proteksyon para sa mga bata at kabataan na may mga kondisyon sa kalusugan na naglalagay sa kanila sa mataas na panganib ng malubhang COVID-19. Ipinapakita ng datos mula sa Estados Unidos na mga 7 sa 10 bata na naoospital na may COVID-19 ay may ilang kasalukuyang kondisyon.<br>• Proteksyon para sa malulusog na bata at kabataan mula sa malubhang COVID-19 - bagama't ito ay napakabihira sa grupo ng edad na ito. Mababa ang panganib na maospital ang isang bata dahil sa COVID-19, at ang panganib na mangailangan ang sinumang bata ng masinsinang pangangalagang paggamot ay lubhang napakababa.<br>• Proteksyon mula sa COVID-19, at mga komplikasyon mula sa COVID-19 gaya ng 'matagal na COVID' at Multisystem Inflammatory Syndrome sa mga bata. Ang panganib ng 'matagal na COVID' ay mas mababa sa mga bata at kabataan kumpara sa mga nasa hustong gulang.<br>• Proteksyon mula sa COVID-19 na maaaring maging sanhi ng pagliban ng mga bata sa paaralan.<br>• Maaaring makatulong na pigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa iba. Lalo itong mahalaga kung ang mga bata at kabataan ay nakatira sa iisang bahay kasama ang isang bata o nasa hustong gulang na nanganganib sa malubhang COVID-19. | • Mga panandaliang side effect tulad ng masakit na braso, lagnat o pagkapapagod.<br>• Mga 1 sa 100,000 tao ang maaaring magkaroon ng malubhang side effect, gaya ng isang allergic na reaksyon sa bakuna.<br>• Napakabihira ngunit ang ilang tao ay nagkakaroon ng pamamaga ng puso (myocarditis) at ng panlabas na lining ng puso (pericarditis) pagkatapos ng pagbabakuna. Karamihan ng mga tao ay gumagaling mula sa myocarditis at pericarditis ngunit kailangan nila ng paggamot sa ospital.<br>• Wala pa kaming impormasyon tungkol sa mga mas pangmatagalang epekto ng mga bakuna sa COVID-19 sa mga bata at kabataan.<br>• Mas kaunti ang alam naming impormasyon sa kaligtasan ng booster at mga karagdagang dosis sa mga edad 12-15 taon. |

| Pag-isipang ipabakuna ang iyong anak kung: | Pag-isipang huwag ipabakuna an giyong anak, o maghintay hanggang mayroon nang mas maraming impormasyon, kung: |
|---|---|
| • Ang iyong anak ay may kasalukuyang medikal na kondisyon na naglalagay sa kanya sa panganib ng malubhang COVID-19.<br>• Ang iyong anak ay nakatira sa isang bahay kasama ang isang bata o nasa hustong gulang na mataas ang panganib sa malubhang COVID-19.<br>• Gusto mong protektahan ang iyong anak laban sa napakabihirang posibilidad ng malubhang COVID-19, Multisystem Inflammatory Syndrome o 'matagal na COVID'. | • Hindi mo gustong ipagsapalaran ang napakabihirang side effect ng myocarditis at pericarditis mula sa pagbabakuna.<br>• Gusto mong maghintay para sa higit pang impormasyon tungkol sa panganib ng Multisystem Inflammatory Syndrome at ng COVID-19 sa mga bata at kabataan.<br>• Gusto mong maghintay ng higit pang impormasyon tungkol sa mga mas pangmatagalang epekto ng mga bakuna sa mga bata at kabataan. |

## Higit pang impormasyon

Para sa higit pang impormasyon, basahin ang Pulyeto ng Impormasyon ng Pasyente mula sa tagagawa. Ipi-print ito para sa iyo sa araw na kukunin ng iyong anak ang bakuna, o makikita mo ito sa **www.hse.ie/covid19vaccinePIL**

Maaari ka ring makipag-usap sa isang propesyonal sa kalusugan, gaya ng iyong GP (Doktor), Parmasyutiko o team na nangangalaga ng kalusugan.

Maaari mo ring bisitahin ang website ng HSE sa **www.hse.ie/covid19vaccine** o tawagan ang HSELive sa **1800 700 700.**

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa bakuna sa COVID-19, kabilang ang materyales sa mga ibang format at suporta sa pagsasalin, bisitahin ang **www.hse.ie/covid19vaccinematerials**

## Ang iyong personal na impormasyon

Upang ligtas na maibigay ang bakuna at maitala ang lahat ng kinakailangang impormasyon upang subaybayan at pangasiwaan ang bakuna, ipoproseso ng HSE ang personal na impormasyon ng iyong anak. Lahat ng impormasyon na ipoproseso ng HSE ay alinsunod sa mga pangkalahatang batas at partikular ang General Data Protection Regulation (GDPR) na nagsimulang ipatupad noong 2018.

Ang pagproseso sa datos ng iyong anak ay susunod sa batas at magiging patas. Ipoproseso lang ito para sa partikular na layunin upang pangasiwaan ang mga pagbabakuna. Ang prinsipyo ng Data Minimisation ay nailapat. Nangangahulugan ito na tanging ang datos na kinakailangan upang makilala ang iyong anak, i-book ang kanyang appointment, itala ang kanyang pagbabakuna at subaybayan ang mga epekto nito ang itinatala.

Mayroon ka ng mga sumusunod na karapatan sa ilalim ng GDPR pagdating sa ipoprosesong personal na datos ng iyong anak.

- Humingi ng impormasyon at access sa personal na datos ng iyong anak (karaniwang tinatawag na ‘data subject access request’). Nagbibigay-daan ito sa iyo (ang magulang o legal na tagapag-alaga ng bata) na makatanggap ng kopya ng personal na datos na hawak namin tungkol sa iyong anak at suriin ito at tiyakin na pinoproseso namin ito ayon sa batas.
- Humingi ng pagwawasto sa hawak namin na personal na datos tungkol sa iyong anak. Nagbibigay-daan ito sa iyo na ipawasto ang anumang hindi kumpleto o hindi tamang impormasyon na hawak namin tungkol sa iyong anak.
- Hingin ang pagbura sa personal na datos ng iyong anak. Nagbibigay-daan ito sa iyo na hingin sa amin na burahin o alisin ang personal na datos ng iyong anak kung saan walang magandang dahilan para ipagpatuloy naming iproseso ito. Mayroon ka ring karapatan na hingin sa amin na burahin o alisin ang personal na impormasyon ng iyong anak kung saan ginamit mo ang iyong karapatan na tutulan ang pagproseso.
- Tutulan ang pagproseso sa iyong personal na datos.

Higit pang impormasyon ang makikita sa **www.hse.ie/eng/gdpr**

COVID-19 VACCINE
Public Health Advice

Inilathala ng HSE noong 14 Setyembre 2023
Para sa pinakabagong impormasyon bisitahin ang **www.hse.ie**

HSE

Rialtas na hÉireann
Government of Ireland